American Cancer Society®
Every cancer. Every life.®

# Maagang Pagtuklas sa Cancer sa Baga

*Finding Lung Cancer Early - Tagalog*

Mayroong pagsusuring makakatulong sa pagtuklas ng cancer sa baga bago ito magdulot ng anumang mga sintomas. Ito ay tinatawag na low-dose CAT scan (LDCT, mababang dosis na CAT scan) at makakatulong itong makatuklas ng cancer sa baga habang ito ay maliit pa, hindi pa kumakalat, at maaaring mas madaling gamutin. Maaaring mapababa nito ang panganib ng isang indibidwal na mamatay sa cancer sa baga.

## Dapat ba akong magpa-screen para sa cancer sa baga?

Hinihikayat ng American Cancer Society ang mga taong may mas mataas na panganib para sa cancer sa baga na magpa-screen ng isang beses sa isang taon. Kabilang dito ang mga indibidwal na:

- Nasa pagitan ng 50 at 80 taong gulang
- Naninigarilyo o dating naninigarilyo
- May kasaysayan ng paninigarilyo ng hindi bababa sa paketeng may 20 sigarilyo ng isang taon

Ang pakete ng sigarilyo ng isang taon ay nangangahulugan na isang taong nanigarilyo ng 1 pakete (o 20 sigarilyo) sa bawat araw ng isang taon. Ito ay maaaring nangangahulugang:

- Naninigarilyo ng 1 pakete sa isang araw ng 20 taon, o
- Naninigarilyo ng 2 pakete sa isang araw ng 10 taon

Makipag-usap sa isang miyembrong nasa iyong health care team kung sa tingin mo ay maaaring mas mataas ang panganib mo para sa cancer sa baga. Maaaring makatulong siya sa iyong magpasya kung dapat kang ma-screen.

## Paano isinasagawa ang screening para sa cancer sa baga?

Ang LDCT scan ay ang pagsusuring ginamit para magpa-screen para sa cancer sa baga. Ito ay katulad ng x-ray na nagpapakita ng mas higit pang detalye. Ang LDCT scan ay makakatulong sa paghahanap ng mga pagbabago sa iyong baga na maaaring cancer.

Ang CAT scanner ay isang makinang malaki at hugis-singsing. Hihiga ka sa patag na mesa na idinudulas nang pabalik-balik sa loob ng butas sa gitna ng scanner. Panandaliang ipapipigil sa iyo ang iyong paghinga. Makakarinig ka ng paghiging at pag-click habang nag-o-on at nag-o-off ang scanner. Hindi nakakasakit ang scan at aabutin lamang ng ilang minuto sa oras na nasa loob ka ng makina.

Maaaring hilingin sa iyo na maghubad ng damit at magsuot ng gown. Kakailanganin mong hubarin ang anumang kasuotan o mga bagay na may metal, tulad ng mga zipper, bra na may alambre, alahas, o hikaw. Bukod dito, ipaalam sa technologist kung mayroon kang pacemaker o iba pang mga medikal na aparato sa iyong katawan.

## Ano ang ibig sabihin ng mga resulta ng screening?

Titingnan ng radiologist (isang doktor na sinanay para magbasa ng mga LDCT scan) ang iyong scan at ipapadala ang mga resulta sa iyong doktor. Maaaring kailanganin mong kumuha ng higit pang mga pagsusuri kung may nakitang mga pagbabago. Napakakaraniwan para sa mga LDCT scan na magpakita ng maliliit na bahaging tinatawag na mga nodule.

Marami sa mga nodule na ito ay hindi cancer. Ngunit mahalagang malaman kung ang scan ay nagpapakita ng anumang bagay na kailangang gamutin.

## Babayaran ba ng aking insurance ang screening para sa cancer sa baga?

Ang screening para sa cancer sa baga ay saklaw ng Medicare at ng maraming pribadong plan ng insurance sa kalusugan. Ang tanggapan ng iyong doktor ay makakatulong sa iyong malaman kung babayaran ng iyong insurance ang scan.

## Ano ang maaari kong gawin para makatulong sa pagpapababa ng aking panganib para sa cancer sa baga?

Kung naninigarilyo ka, tumigil. Hindi pinapalitan ng pagpapa-screen para sa cancer sa baga ang pagtigil sa paninigarilyo. Ang American Cancer Society ay may mga tip at mapagkukunan para makatulong sa pagpapabuti ng iyong mga pagkakataong tumigil na nang tuluyan.

Bumisita sa aming website sa **cancer.org/quittobacco** o tumawag sa amin sa **1-800-227-2345**.

Bisitahin ang **cancer.org/healthy/find-cancer-early** upang matutunan pa ang tungkol sa screening para sa cancer sa baga.

American Cancer Society®

cancer.org | 1.800.227.2345

©2024, American Cancer Society, Inc.
No. TAG081111 Rev. 8/24

BBB Accredited Charity
bbb.org/charity